

Aklatang Mapagkukunanan Tungkol



FAQ sa Napipintong Panganib sa Kalusugan

Ano ang napipintong panganib sa kalusugan?

Ang napipintong panganib sa kalusugan ay kondisyon na maaaring makabuluhang magdulot na pinsala o malubhang sakit sa iyo, sa iyong mga kustomer or ang publiko. Ang mga napipintong panganib sa kalusugan ay peligroso kahit na wala silang mga mapanganib na kondisyon.

Ang mga halimbawa ng napipintong panganib sa kalusugan kabilang, ngunit hindi limitado sa, sunog, baha, walang mainit na tubig, walang kuryente, hindi sapat na pagpapalamig, pag-apaw ng dumi sa kanal, maling pag-gamit ng nakalalason o may lason na mga bagay, pagsisimula ng pinaghihinalaang pagkalat ng sakit na nagmumula sa pagkain, mga pangyayari o kondisyon sa malubhang karumihan, o iba pang mga kalagayan na maaaring magsa-panganib sa pampublikong kalusugan.

Ano ang aking gagawin kung ang panganib sa kalusugan ay naganap sa aking kainan?

Abisuhan agad ang distritong pangkalusugan at boluntaryong itigil ang operasyon. Tatalakayin ng distritong pangkalusugan ang panganib sa iyo at maaaring aprobahan ang plano sa anumang maaaring mangyari.

Kung nabigo kang abisuhan ang distritong pangkalusugan at ipagpatuloy ang operasyon sa oras ng napipinto ng panganib sa kalusugan, bibigyan ka ng kautusan na huminto at tumigil. Tatasahin ka rin para sa mga singil at kinakailagang ipasa ang inspeksyon, na may m as kakaunti sa 10 sala at walang magkamukhang naulit na kritikal o pangunahing paglabag bago ang pagbubukas muli.

Kapag ang iyong pasilidad ay isinara dahil sa labis na paglabag na may kasaysayan na hindi pagsunod, kabilang ang inulit na kritikal o pangunahing paglabag, kakailanganin mo na dumalo sa pagpupulong ng namamahala bago ang inspeksyon upang buksan muli ang pasilidad. Dagdag pa, kakailanganin mo na bayaran ang lahat ng naaangkop na singil bago ang inspeksyon.

Kung may pag-aalinlangan, makipag-ugnayan sa tanggapan ng pagpapatakbo ng inspeksyon sa distritong pangkalusugan na susuri sa iyong establimento.

Kapag ang panganib ay naganap sa labas ng aming regular na oras ng negosyo, tumawag sa aming 24-oras na numero ng telepono (702) 759-1600, piliin ang opsyon sa Pangkapaligirang Kalusugan at pindutin ang '1' upang kausapin ang inspektor sa after-hour.

Kailan ako makapagsisimula muli ng operasyon?

bago makapagsimula muli ng operasyon, kakailanganin mo na tiyakin na ang napipintong panganib sa kalusugan ay naisaayos na at ang item na nakalista sa listahan o ang Inspeksyon sa Pagbubukas-muli pagkatapos ng Napipintong Panganib sa Kalusugan ay sinusunod.

Aklatang Mapagkukunanan Tungkol



Tumawag sa distritong pangkalusugan upang abisuhan kami na ang napipintong panganib sa kalusugan ay naitama na. Bibigyan ka namin ng permiso upang magbukas muli kung ang lahat ng wastong abiso na pamamaraan ay sinunod, o depende sa napipintong panganib sa kalusugan, i-iskedyul ang inspeksyon sa pagbubukas muli.

Tagalog

Distritong Pangkalusugan sa Timog Nevada, Sangay ng Pangkalusugang
Pangkapaligiran P.O. Box 3902, Las Vegas, NV 89127 • (702) 759-1110
www.SouthernNevadaHealthDistrict.org/ferl